THE TAMARAO JOURNAL

## WHAT'S INSIDE?

2 Bisita Barangay-Relief Operations sa Baco at Naujan ni Vice Gov. Atty. CA Jojo Perez

3 Student Cash Assistance Program sa Calapan

VOLUME I No. 09 January 10, 2021 - January 15, 2022

# 125 TAON NG PAGIGING MARTIR NI DR. JOSE RIZAL, MAKABULUHANG GINUNITA NG MGA CALAPEÑO




SI DR. JOSE RIZAL maliban sa pagiging Pambansang Bayani ng mga Pilipino ay kilala bilang isang mahusay na doktor ng medisina, siyentipiko, manunulat, propagandista, lingguwista, at nasyonalista. Namatay siya bilang isang martir sa pamamagitan ng firing squad dahil sa ginawa niyang pagtatanggol sa kapwa mga Filipino sa pamamagitan ng paglalantad ng mga kabulastugan ng mga kolonyal na awtoridad na namumuno sa mga Isla ng Pilipinas sa kanyang kapanahunan.

Ang kanyang kamatayan ay nagsilbing panimula ng pagkakaisa ng mga Pilipino upang sumiklab ang rebolusyon na kalaunan ay nagresulta sa pagtatapos sa mahigit tatlong siglo ng kolonyal na pamumuno ng mga Espanyol sa Pilipinas.

Upang bigyang pugay ang paggunita sa ika-125 Taon ng Kabayanihan ni Rizal, sa Lungsod ng Calapan ay pinangunahan ni City Mayor Arnan C. Panaligan ang 'Commemoration of the Martyrdom of National Hero Jose Rizal' sa Calapan City Plaza noong Disyembre 30, 2021.

Kasama ang mga miyembro ng Sangguniang Panlungsod, Free and Accepted Mason Tamaraw Lodge No. 65, Knights of Columbus, Philippine National Police, Boy Scouts of the Philippine at mga kawani ng City Hall sa pangunguna ng mga Department Heads ay simple subalit makabuluhang ginunita ang araw ng kamatayan ni Rizal.

Sa harap ng bantayog ng ating Pambansang Bayani ay isinakatuparan ang maikling programa na sinimulan sa isang panalangin na sinundan ng sabayang pag-awit ng 'Lupang Hinirang'.

Sa talumpati ni City Mayor Panaligan ay kanyang binigyang diin ang mga katuruan ni Rizal na dapat aniya'y huwag kalimutan at nararapat lamang na isabuhay ng mga Pilipino.

Ginampanan ng PNP Squad mula sa Calapan City Police Station ang pagbibigay ng 'fired three gun volleys salute' na simbolo ng pagpaparangal sa Pambansang Bayani. Samantalang pinangunahan nina City Mayor Panaligan at Vice Mayor Ramirez ang 'wreath laying' sa paanan ng bantayog ni Rizal na sinundan ng pag-aalay ng mga bulaklak sa panunguna naman ni City Administrator Atty. Adel Abas at mga Department Heads ng City Hall.

Naging tampok din nasabing okasyon ang ginawang pagtatanghal ng 'The Mindoro Strings' na kinabibilangan ng anim na mga kabataaang Calapeño na may angking husay sa musika na nagpamalas ng talento sa pamamagitan pagtugtog ng mga musikang 'Kundiman' ni Rizal (Junard Acapulco/ CIO).






*Pinangunahan ni City Mayor Arnan C. Panaligan ang 'Commemoration of the Martyrdom of National Hero Jose Rizal' sa Calapan City Plaza noong Disyembre 30, 2021.*

THE TAMARAO JOURNAL

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

JORGE THOMAS BEATO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY WEDNESDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361 EMAIL ADD: TAMARAOJOURNAL@GMAIL.COM

# CAPACITY DEVELOPMENT for SANGGUNIANG KABATAAN of ORIENTAL MINDORO ginanap noong Disyembre

UNANG BATCH ng Capacity Development kasama ang SK Calapan City at ng Segunda Distrito.

Ito ay isang joint project ng Sangguniang Panlalawigan sa pangunguna ni Vice Governor Atty. CA Jojo Perez ng SK Federation of Oriental Mindoro.









# Bisita Barangay-Relief Operations sa Baco at Naujan ni Vice Gov. Atty. CA Jojo Perez

*KASAMA ANG TEAM MBS at DSWD, nakapaghatid si Vice Governor Atty. CA Jojo Perez ng tulong sa ating mga kababayang naapektuhan ng baha.*

*Hatid ang mga relief supplies, kinumusta nila VG ang bayan ng Baco at mga barangay ng Evangelista, Inarawan, Pinagsabangan 1 at San Carlos sa bayan ng Naujan.*





# 2,747 ESTUDYANTE NG CITY COLLEGE OF CALAPAN MULA SA ORIENTAL MINDORO, TUMANGGAP NG FINANCIAL ASSISTANCE SA CITY GOVERNMENT OF CALAPAN

ANG EDUFAP ay hindi lamang para sa mga taga-Calapan City, manapa'y para rin sa taga ibang bayan sa lalawigan na nagsisipag-aral sa City College of Calapan.

Umabot sa 2,747 na nag-aaral sa City College of Calapan na residente ng Calapan at iba pang bayan sa buong Oriental Mindoro ang muling napabilang sa mga benipisyaryo ng Educational Financial Assistance Program (EduFAP).

Ito ay isang programa ng Pamahalaang Lungsod ng Calapan na pinapangasiwaan ng City Education Department sa bisa ng City Ordinance No. 68-2020 "AN ORDINANCE INSTITUTIONALIZING EDUCATIONAL FINANCIAL ASSISTANCE PROGRAM (EduFAP) FOR DESERVING STUDENTS OF THE CITY COLLEGE OF CALAPAN, PROVIDING FUNDS THEREFOR AND FOR OTHER PURPOSES"

Naglalayon ito na bigyang motibasyon ang mga estudyante na magpursigi sa kanilang pag-aaral sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng tulong-pinansyal upang makapag-ambag sa gastusin sa pag-aaral.

Sa progrmang isinagawa sa City College of Calapan Building noong Disyembre 20,2021 ay pinangunahan ni City Mayor Arnan C. Panaligan kasama ang mga miyembro ng Sangguniang Panlungsod ang pamamahagi ng monthly financial assistance sa naunang batch na may kabuuang bilang na 285 na estudyante mula sa mga bayan ng Puerto Galera, San Teodoro, Baco, Victoria, Socorro, Pola, Pinamalayan, Gloria, Bansud, Bongabong, Roxas at Bulalacao at 306 na benipisyaryo mula sa Bayan ng Naujan. Dito ay dumalo si 1st District Congressman at Senior Deputy Speaker Salvador 'Doy Leachon" na sa kanyang panunungkulan sa lungsod ay binukasan ang City College of Calapan. Dumalo rin sa nasabing okasyon sina OIC- City College Administrator Dr. Roanald Cantos at City Education Officer Meriam Olalia.

Disyembre 21 naman nang personal na ipamahagi ni Mayor Panaligan sa unang batch na 1,078 na mga residente ng Calapan City ang kanilang monthly financial assistance at sa kasunod na araw Disyembre 22 ay isang batch pa rin na may bilang na 1,078 na estudyante ng City College of Calapan mula sa lungsod ang naging benipisyaryo ng nasabing programa.

Sa harap ng mga kabataang mag-aaral ay pahapyaw na isinalaysay ni Mayor Arnan ang pinagdaanan ng City College of Calapan upang maabot ang kasalukuyang tagumpay na tinatamasa nito sa ngayon. Sinabi din niya na dapat pahalagahan at huwag sayangin ang pagkakataon na ibinibigay ng Pamahalaang Lungsod na makapagtapos ng pag-aaral sapagkat edukasyon aniya ang tulay tungo sa magandang buhay (Junard Acapulco/CIO).









MSP GAS
RETAILING STATION
Gasolina at Krudo,
Sigurado at Garantisado

BARANGAY GULOD,
CALAPAN CITY, OR. MINDORO
CONTACT: 09295453013

WE ARE OPEN TO CONTRIBUTORS AND WRITERS, PLEASE SEND ARTICLES, IDEAS AND INQUIRIES TO
website: www.tamaraojournal.com /
email add: tamaraojournal@gmail.com

THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME I No. 09 January 10, 2021 - January 15, 2022

Alkaline Ionized Water
ALKAJET
ALKALINE PURIFIED MINERAL
Ibaba West, Calapan City, Or. Mindoro
Contact: (Globe) 0966-485-4080 / TNT 0948-667-1375

# Pandemic Cash Assistance ni Cong. Doy Leachon, tuloy tuloy ang pay out!





*Higit 1,000 mga kababayan natin sa bayan ng Roxas mula sa hanay ng brgy frontliners at mga trike drivers ang mga benepisyaryo ngayon ng #MBS pandemic cash assistance program, ang unang payout ng #TeamMBS para sa taong 2022.*





*#Bongabong*

*482 TODA drivers naman noong 8 Enero 2022, ang binisita ng #TeamMBS para ihatid at isagawa ang payout ng MBS pandemic cash assistance.*